

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 64

Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Filadelpia Yugto 3

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa matagumpay na simbahan sa Filadelpia, **“10 Sapagka’t tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking uring panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa.”** (Pahayag 3 :10 KJV) Dito sinasabi ng Panginoon sa simbahan at ipinapahayag sa kanila na iingatan NIya sila mula sa mga pagsubok na darating sa buong sanglibutan. **Maaring ipahintulot ng Panginoon ang ilang mga kaguluhan at kadalamhatian at pahintulutan si Satanas na lusubin at magdulot ng sakit sa simbahan ng Dios at sa atin at sa mga kapatid ngunit gagamitin ng Panginoon ang lahat ng mga bagay na ito upang itaguyod tayo gaya ng ipinangako Niya sa aklat ng Santiago, **“Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka’t pagkasubok sa kaniya, siya’y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagsisubig sa kaniya.”** (Santiago 1 :12 KJV)** Gagantimpalaan ka ng Panginoon sa mabubuting gawa na ibibigay sa iyo at ibibigay sa iyo ang putong ng buhay, at ililigtas ka Niya sa panahon ng mga tukso, kapag dumating ang Panginoon kasama ng Kanyang paghatol ililigtas ka Niya mula sa gayong mga kaguluhan at kadalamhatian.

“tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis,”: Ang kahulugan nito ay upang maglingkod sa Dios ng may pagtitiis, at magtiyaga kahit na sa panahon ng kaguluhan at kahirapan. Gagantimpalaan ka ng Dios para sa pagtitiis, pagtiyaga, at kahandaang ingatan ang pangako at ang mga nakamit na naabot natin. Pinatunayan iyon ng Banal na Kasulatan na at gaya ng sumusunod na halimbawa:

1. **“16 Nang magkagayo’y silang nangatakat sa Panginoon ay nagsangusapan: at pinakinggan ng Panginoon, at dininig, at isang aklat ng alaala ay nasulat sa harap niya, para sa kanila na nangatakat sa Panginoon, at gumunita ng kaniyang pangalan. 17 At sila’y magiging akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid baga’y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. 18 Kung magkagayo’y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya.”** (Malachias 3:16-18 KJV) Dito malinaw na ipinahayag ng Panginoon na makikilala, ang pagkakaiba ng mga naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod.
2. **“At inyong paglilingkuran ang Panginoon ninyong Dios, at kaniyang babasbasan ang iyong tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna mo.”** (Exodu 23:25 KJV) Bilang tayo’y naglilingkod sa Dios, pagpapalain tayo ng Dios at ang ating pamumuhay sa lahat ng mabubuting bagay. Talagang ang mensahe ng Dios kay Faraon ay palayain ang Kanyang bayan upang sila’y pumaroon at maglingkod sa Kanya at ito ay naulit, **“At inyong sasabihin sa kaniya, Sinugo ako sa iyo ng Panginoon, ng Dios ng mga Hebreo, na sinasabi, Pahintulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang sila’y makapaglingkod sa akin sa ilang at, narito, hanggang ngayoy hindi mo dininig.”** (Exodu 7:16 KJV) At ito’y inulit sa Exodu 8:1, 20; 9:1, 13; 10:3, 7. Ngayon kung tayo’y hihinto sa paglilingkod sa Dios sa anumang dahilan sa gayon hindi na tayo kailanman bayan ng Dios kund singoga ni Satanas.
3. **“Ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios; at sa kaniya’y naglilingkod ka, at sa pamamagitan lamang ng kaniyang pangalan susumpa ka.”** (Deuteronio 6:13 KJV) Kinakailangan sa atin na maglingkod sa Dios, at matakot sa Kanya at sa Kanyang Salita.
4. **“At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglilingkuran mo ang Panginoon mong Dios, ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo.”** (Deuteronio 10:12 KJV)
5. **“14 Ngayon nga ay matakot kayo sa Panginoon, at paglilingkuran ninyo siya sa pagtatapat at sa katotohanan: at inyong alisin ang mga dios na mga pinaglilingkuran ng inyong mga magulang sa dako roon ng Ilog at sa Egipto; at inyong paglilingkuran ang Panginoon. 15 At kung inaakala ninyong masama na maglingkod sa Panginoon, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang mga dios ng inyong mga magulang na pinaglilingkuran sa dako roon ng Ilog, o ang dios ng mga Amorrheo na ang lupain nila ay inyong tinatahanan: nguni’t sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay naglilingkod kami sa Panginoon.”** (Josue 24:14-15 KJV) Dapat mong mamalayan na ang bayan ng Dios ay nahaharap sa malaking kaguluhan kapag pinabayaan nila ang Panginoon at magsimulang maglingkod sa mga idolo, at sa huli’y nangangahulugang naglilingkod kay Satanas. Hinamon ni Josue ang bayan ng Dios na pumili kung ano at kanino sila naglilingkod. Ngunit sa wakas ay sinabi niya ang kanyang pasya, na siya at ang kanyang sangbahayan ay naglilingkod sa Panginoon. **Paulit-ulit sa mga nagnanais na payukuin ako naghahangad na**

makipagkompromiso sa kanila sinabi ko ang sumusunod sa kanila: Kahit na ako'y nag-iisa, ako'y magpapatuloy kasama ng aking pamilya na maglingkod sa Panginoon.

Ang madaming bilang ng mga tao ay nilisan ang ating simbahan dahil inalis ko ang mga dios-diosan na kanilang sinasamba; dios-diosan ng pag-aaral, ang dios-diosan ng pag-aasawa sa kung sino ang gusto nila, ang dios-diosan ng pagbabakasyon at turismo, ang dios-diosan ng paggastos at hindi pag-iipon, ang dios-diosan ng pagdiriwang ng kapanganakan, ang dios-diosan ng pagdiriwang ng Pasko at bagong taon, at ang lahat ng mga kasuklam-suklam na mg adios-diosan.

- 6.** *“10 At sila'y dumaing sa Panginoon at nagsabi, Kami ay nagkasala, sapagka't pinabayaan namin ang Panginoon at naglingkod kami sa mga Baal at sa mga Astaroth: nguni't ngayo'y palayain mo kami sa kamay ng aming mga kaaway, at kami ay maglilingkod sa iyo 20 At sila'y dumaing sa Panginoon at nagsabi, Kami ay nagkasala, sapagka't pinabayaan namin ang Panginoon at naglingkod kami sa mga Baal at sa mga Astaroth: nguni't ngayo'y palayain mo kami sa kamay ng aming mga kaaway, at kami ay maglilingkod sa iyo. 24 Matakot lamang kayo sa Panginoon, at maglingkod kayo sa kaniya sa katotohanan ng inyong buong puso; dilidilihin nga ninyo kung gaanong dakilang mga bagay ang kaniyang ginawa sa inyo.” (1 Samuel 12:10, 20, 24 KJV)* Narito ang bayan ng Dios ay ipinahayag ang kanilang mga kasalanan sa paglilingkod sa mga dios-diosan sapagkat kanilang nakilala na ang kanilang mga kasalanan sa paglilingkod sa mga dios-diosan ay nakapinsala sa kanila at nangako sila sa Dios na sila'y maglilingkod sa Panginoon, at hinikayat din sila ni Samuel na magsisi at bumalik sa Panginoon at simulang paglingkuran Siya.

Paano tayo ngayon, handa ka bang magsisi, itapon ang inyong mga dios-diosan at bumalik sa Panginoon at simulang paglingkuran Siya?

- 7.** *“Kayo'y mangaglingkod sa Panginoon na may takot, at mangagalak na may panginginginig.” (Awit 2:11 KJV)*
- 8.** *“At si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.” (Lucas 4:8 KJV) Kung tayo'y tatanggap maglingkod sa Panginoon na may takot at panginginginig tayo ay nagiging tapat kay Satanas. Ngunit kapag nagtiyaga tayo sa paglilingkod sa Panginoon, magiging katulad tayo ng mga kapatid sa iglesia ng Filadelfia. Sabihin mo sa kanya na mapunta ka sa likod ko Satanas ako ay maglilingkod sa Panginoon.*
- 9.** *“Mapapalad yaong mga alipin na kung dumating ang panginoon ay maratnang nangagpupuyat: katotohanang sinasabi ko sa inyo na siya'y magbibigkis sa sarili, at sila'y pauupuin sa dulang, at lalapit at sila'y paglilingkuran niya.” (Lucas 12:37 KJV) Nais ni Jesus sa atin na magpapatuloy sa pagtiyaga at pagtitiis at paglingkuran Siya hanggang Siya'y dumating ng Kanyang paghuhukom o ng Kanyang pangalawang pagparito. Kung gagawin natin iyon, sa gayon tayo ay karapat-dapat na kunin Niya.*
- 10.** *“Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay sumunod sa akin; at kung saan ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod ko: kung ang sinomang tao'y maglingkod sa akin, ay siya'y pararangalan ng Ama.” (Juan 12:26 KJV) Sa mga naglilingkod kay Cristo kailangan nilang maparoon sa kung saan sila nais ni Cristo na mapa at kailangan nilang manatili sa lugar na inilagay sa kanila ng Dios. Ang Dios Ama ay pararangalan ang mga naglilingkod kay Cristo sa ganoong paraan. Kaya't pararangalan din Niya tayo hangga't tayo'y nagpapatuloy na maglilingkod sa Kanya.*
- 11.** *“9 At ako'y maglalabas ng lahi na mula sa Jacob, at mula sa Juda ng isang tagapagmana ng aking mga bundok; at mamanahin ng aking pinili, at tatahanan ng aking mga lingkod. 10 At ang Saron ay magiging kulungan ng mga kawan, at ang libis ng Achor ay dakong higaan ng mga bakahan, dahil sa aking bayan na humanap sa akin. 11 Nguni't kayo, na nangagpapabaya sa Panginoon, na nagsisilimot ng aking banal na bundok, na nangaghahanda ng dulang para sa Kapalaran, at pinupuno ang saro ng alak na haluan para sa Kaukulan. 12 Aking iuukol kayo sa tabak, at kayong lahat ay magsisiyuko sa patayan; sapagka't nang ako'y tumawag, kayo'y hindi nagsisagot; nang ako'y magsalita, kayo'y hindi nangakinig; kundi inyong ginawa ang masama sa harap ng aking mga mata, at inyong pinili ang di ko kinaluluguran. 13 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, ang aking mga lingkod ay magsisikain, nguni't kayo'y mangagugutom; narito, ang aking mga lingkod ay magsisiinom, nguni't kayo'y mangauuhaw; narito, mangagalak ang aking mga lingkod, nguni't kayo'y mangapapahiya; 14 Narito, ang aking mga lingkod ay magsisiawit dahil sa kagalakan ng puso, nguni't kayo'y magsisidaing dahil sa kapanglawan ng puso, at aangal dahil sa pagkabagbag ng loob. 15 At inyong iwan ang inyong pangalan na pinakasumpa sa aking mga pinili, at papatayin ka ng Panginoong Dios; at kaniyang ta tawagin ang*

kaniyang mga lingkod ng ibang pangalan:” (Isaias 65:9-15 KJV) Maliwanag na binasa natin dito ang pagkakaiba ng paraan ng pakikitungo ng Dios sa mga naglilingkod sa Kanya at sa mga hindi naglilingkod sa Kanya. Sa mga umalis at tumangging maglingkod sa Panginoon, sila’y inihahanda para sa tabak at pagpatay. Sila’y tumangging sumagot sa Dios nang tinawag Niya sila, kaya sila’y nasa mga kaguluhan at ang Dios ay wala doon upang tulungan sila.

“11 Ako’y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.” (Pahayag 3:11 KJV) Sinasabi ng Panginoon dito sa simbahan na ako’y darating sa kanila nang madali, pinatitibay ang Kanyang pagparito, ang kanyang gantimpala at ang kanyang paghuhukom; alinman ang ibig sabihin Niya rito ay ang Kanyang pangalawang pagparito o ang Kanyang pagparito kasama ng Kanyang paghuhukom sa mga nagpapahirap sa mga kapatiran sa Filadelpia o sa mga nangugulo sa atin. Siya ay darating ng madali at hindi ipapagliban na humatol at ayusin ang kalagayan, at sinasabi Niya rin, ***“panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.”*** Nang sinabi Niya, ***“panghawakan mong matibay ang nasa iyo,”*** ibig sabihin sa iyong kamay ay mahahalagang bagay. Tiyak sa mga pagkakataon na ilalagay ni Satanas sa iyong isipan na ikaw ay isang talunan, na ikaw ay isang kabiguan, o isang taong walang saysay, at walang halaga, ngunit dito sinasabi ng Panginoon sayo ***“panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.”*** Ang nasa kamay mo, ang mga tao, at maging ikaw, ay maaaring ituring na hindi mahalaga at hindi mahalaga, ngunit ang Panginoon ay nakakakita sa kanila ng ibang bagay at sinasabi Niya sa iyo, ***“panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.”*** Huwag hayaan si Satanas o ang mga tao na linlangin ka at iwanan mo ang mabubuting bagay na mayroon ka sa iyong mga kamay. ***Panghawakan mo ito, upang walang sinumang tao ang makakuha ng iyong putong at ng iyong gantimpala. Kumapit sa ministerio. Panghawakan ng mabisa at dakilang pintuang ito na binuksan ng Panginoon para sayo para sa paglilingkod, at huwag pumaroon sa ibang lugar, kundi magpatuloy, sapagkat ang Panginoon ay malapit nang dumating, at tutulungan ka at gagantimpalaan ka.***

“panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong.” Tayo bilang simbahan ay natupad at naabot ang tiyak na mga pangako at ipinatupad ang tiyak na katuruan at kailangan nating panghawakan nang matibay iyon at huwag iwanan ito at balikan kung anumang dahilan.

“12 Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, at hindi na siya’y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng aking Dios, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa aking Dios, at ang aking sariling bagong pangalan.” (Pahayag 3:12 KJV)

“Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios,” Ang haligi ay makikita sa kayarian ng gusali. Ang haligi ay maaring ilang mga tao na nagsasabit ng larawan dito, o ipinapahinga nila ang kanilang mga likod dito. Ngunit hindi nila namamalayan na sa haligi ang buong gusali ay nakatayo.. Maaring pinagtatawanan sila ng mga tao at tinutuya sila ***Ang simbahan ay tatayo sa mga taong matatag, nagtitiyaga, na may pagtitiis, at sila’y naninidigan ng matatag hanggang sa huli, nilalaban sila ng mga tao, itinuturing sila ng mga tao bilang mga kaaway, at simubukang saktan sila, ngunit sila’y naninidigan ng matatag. Bakit? Dahil sila’y mga haligi.***

Ang haligi dito ay nasa templo ng aking Dios ay pagtaguyod din at gantimpala sa mga nagtitiis. Itataas ka ng Panginoon at gagantimpalaan ka ng Panginoon kapag ikaw ay naninidigan ng matatag at naging haligi para sa Kanyang simbahan; ikaw ay tatayo bilang haligi at sa pamamagitan ng iyong buhay ang simbahan ay itatag. Habang pinapahintulutan mo ang Dios na kumilos sa iyong buhay at puspusin ka ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng iyong pagsunod sa Salita ng Dios at hindi mo itinanggi ang pangalan ng Dios at iningatan mo ang Kanyang Salita nang may pagtitiis gaya ni Jesus na may pagtitiis sa krus, at ikaw ay nagtitiis sa pamamagitan ng lahat ng paghihirap Pinahintulutan ng Dios na ipasa sa simbahan dahil sa mga taong iyon na kabilang sa sinagoga ni Satanas na sumasalungat sa simbahan, at ikaw ay naninidigan nang matatag sa harap ng mga pagsalungat na ito, gagawin ka ng Panginoon na haligi sa Kanyang simbahan gaya ng pangako ni Jesus, ***“haligi sa templo ng aking Dios,”*** at dahil sa iyong paninidigan ang simbahan at tumayo, gagawin ng Panginoon sa iyo ang isang lugar sa walang hanggang buhay.

Mababasa din natin ang tungkol sa mga haligi sa templo ng aking Dios sa Galacia, ***“At nang makita nila ang biyayang sa akin ay ipinagkaloob, ang mga kanang kamay ng pakikisama ay ibinigay sa akin at kay Bernabe ni Santiago at ni Cefas at ni Juan, sila na mga inaaring haligi, upang kami ay magsiparoon sa mga Gentil, at sila’y sa pagtutuli;”*** (Galacia 2:9 KJV) Nang si Pablo at Barnabas ay umalis at katagpuin si Pedro, Santiago at Juan, sinabi nila sa kanila na sila’y mga haligi.

Ang mga haligi ay para sa karangalan, kapangyarihan para sa kadakilaan at sa pagsulong. Ang kahulugan ng Salitang Apostol ay nangangahulugang isang taong isinugo ng Panginoon. Na nagtatag ng pundasyon ng Bagong Tipang simbahan ni Cristo. ***Hindi tayong mga apostol, ngunit ginagawa natin ang gawain ng mga apostol.***

Ang mga apostol sila ang nagtatag ng pundasyon ng simbahan at sila ang sumulat ng Salita ng Dios na nasa ating mga kamay ngayon. Ipinapatuloy natin ang kanilang ministerio at gawin ang kanilang gawain at kung makikita tayo ng Panginoon na tayo’y naninindigang matatag at naninindigan sa pagibig, at nagpapatuloy tayo sa pagibig ng Dios, gagawin Niya tayong mga haligi sa templo ng ating Dios.

Babasahin din natin ang tungkol sa haligi sa bahay ng Dios o sa templo ng Dios gaya ng isinulat ni Pablo kay Timoteo, **“Nguni’t kung ako’y magluwat ng mahabang panahon, ay upang maalaman mo kung paano ang dapat sa mga tao na ugaliin nila sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan.”** (1 Timoteo 3:15 KJV) Ang Simbahan ng Dios ay ang haligi at ang suhay ng katotohanan. Kailangan mong magpatuloy na kumilos nang maayos at manindigang matatag gaya ng mga manggagawa, sa simbahan ng Filadepia iningatan ang kanilang panindigan laban sa pag-uusig at mga banta at parusa at pag-aalsa, sila’y nagtitiwala sa pintuan na binuksan ng Panginoon para sa kanila na mag-ewangelio. Hindi nila binigyang daan, o nakipagtawaran sa kapangyarihan ng kadiliman at sa mga sumasalungat sa kanila, iningatan nila ang Salita ng Dios, hindi nila itinanggi ang Kanyang pangalan, sila’y nagtiyaga at nagtiis, kaya karapat-dapat silang maging mga haligi sa bahay ng Dios na siyang Simbahan ng Dios, **“ang haligi at suhay ng katotohanan.”** Kaya’t ang simbahan gaya ng makikita natin ngayon ay ang mga taong naninindigan bilang mga haligi na naninindigang matatag. Ang mga baha at tubig ay darating, ngunit ang haligi ay hindi maapektuhan, ang mga tao ay makikipagbaka at mag-uusig ngunit tayo bilang mga haligi ay naninindigang matatag, sa kaluwalhatian, at sa pagtitiwala na may gantimpala at pagtaguyod mula sa Dios gaya ng sinabi ni Jesus, **at hindi na siya’y lalabas pa doon:** ibig sabihin katiyakan ng kaligtasan at walang pagbabago sa katayuan ng walang hanggan.

“at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng bayan ng aking Dios, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa aking Dios, at ang aking sariling bagong pangalan.” Isusulat Niya sa kanya, sa haliging iyon ang pangalan ng Dios Ama at ang pangalan ng Bagong bayan ng Jerusalem at bagong pangalan ng Panginoong Jesucristo. Ang Panginoong Jesus sa Kanyang pangalawang pagparito Siya ay mayroong bagong pangalan at malalaman natin na ang pangalan na iyon kapag nakasama natin Siya sa walang hanggang buhay sa bagong Jerusalem na mananaog mula sa Langit, kaya sa panahong iyon malalaman natin ang pangalang iyon, **“13 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.”** (Pahayag 3:13 KJV)

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ay tumayo sa presenya ng Dios. Ang Panginoon ngayon ay ipinaunawa sa atin ang katotohanan ng kalagayan ng katotohanan ng simbaahn, na mabuhay sa kabanalan at manindigang matatag gaya ng ating Isang Banal ang Panginoong Jesu Cristo ipinamuhay ang Kanyang buhay. Ituon natin ang ating mga mata sa may akda at tagapagpasakdal ng ating pananampalataya ang Panginoong Jesucristo, na nakatuon sa dakila at epektibong pinto nagtitiwala sa Panginoon na bubuksan ito sa atin upang tayo’y makapagpatuloy sa pangangaral at pag eebanghelyo. Ilagay sa iyong isipan na hindi ka lamang tinawag ng Diyos upang maglingkod sa Kanya kundi upang maging haligi sa Kanyang templo.

Aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay muli sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nanghikayat sa akin ng higit at nagpanumbalik sa akin na pumaroon at maglingkod sa saiyo at gawin ang iyong gawain at ipangaral ang eebanghelyo ni Jesus.

Lumapit ngayon sa Panginoon at ipahayag ang iyong panghihina ng loob at iyon ay hindi ka naninindigan nang matatag ngunit nanlumo ka dahil sa pag uusig at sa gawain ni Satanas laban sa iyo. Itapon ninyo ang inyong takot at mga dios-diosan at lumapit sa Panginoon.

Manalangin at umiyak sa Panginoon na buksan sa iyo ang mabisa at ang dakilang pinto para sa pageewangelio, isang pintuan mula sa Salita ng Dios at upang ipangaral sa bagong mga tao, at isang pintuan ng pangangaral upang magturo at abutin ang mga tao ng Salita ng Dios.

Umiyak sa Dios, Panginoon tulungan ako ikaw ang aking malaking bato, ikaw ang aking kanlungan, ikaw ang aking kapayapaan, ikaw ang aking kaligtasan, Panginoon gawin moa ko at gawin kaming katulad ng simbahan sa Filadelpia na nanindigang matatag at gawin ang iyong gawain sa kabila ng lahat ng paagsalungat at pag-uusig. Panginoon kumilos ka sa aking buhay upang magtiyaga at magtiis hanggang gawin mo akong haligi sa iyong templo.

Panginoon ako’y nagpapasalamat para bukas na pintuan na iyong binuksam sa amin upang ipangaral ang iyong salita at ipahaayg ang iyong aral at ang hiwaga ni Cristo. Panginoon protektahan kami mula sa lahat ng gawa ng masama. Panginoon dagdagan ang aming pananampalataya at pagtitiwala sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at pangunahan kami sa bagong mga lugar na inihanda mo para sa amin at ang mga kaluluwa na handang tanggapin ang iyong Salita at ang Ebangvelio ni Jesus.

Panginoon manguna ka sa amin bilang isang simbahan, gumawa ng mga himala at kababalaghan at tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami muld asas kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 64. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Filadelfia Yugto 3. Pahayag 3:10-13. Santiago 1:12. Malacias 3:16-18. Exodo 23:25. Exodo 7:16 at inulit sa Exodo 8:1, 20; 9:1, 13; 10:3, 7. Deuteronomio 6:13. Deuteronomio 10:12. Josue 24:14-15. 1 Samuel 12:10, 20, 24. Mga Awit 2:11. Lucas 4:8. Lucas 12:37. Juan 12:26. Isaias 65:9-15. Mga Taga Galacia 2:9. 1 Timoteo 3:15.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com